



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

MAHAL NG ALLAH ANG KALINISAN

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Allah Azza wa Jalla ay maganda at mahal niya ang kung ano ang maganda. Ang ibig sabihin ng ganda ay paggawa ng kabutihan. Kaya mula dito kung ano ang utos niya ay dapat nating gawin upang maging maganda ang kabilang buhay natin.

In sha Allah isa sa utos niya ang kalinisan. Kung san ka man pumunta dapat sa iyong pag-alis ay malinis ito. Kailangan gawin ng bawat isa ang kanyang makakaya sa paglilinis. Mas magiging mabuti kapag ating linisan ang kapaligiran at panatilihin itong malinis. Sabi ng propeta Muhammad(saw), ang kalinisan ay mula sa Iman. Mahalaga ang kalinisan. Itong pinakamahalaga sa Islam. Wala ito sa ibang relihiyon.

Ang ibig sabihin ng Tahara ay kalinisan, ang kahit anong kaunting dumi ay di katanggap tanggap. Mula sa hadith ng Propeta Muhammad(saw) “Kapag nag-ghusl ang isang tao hindi ito matatanggap pag may isang parte na kasing liit ng karayom ang di nabasa” Ano ang ibig sabihin nito? Ito’y nagpapakita ng kahalagahan ng kalinisan. Dapat lahat ng parte mahugasan kapag naliligo, Ito’y nagpapakita ng halimbawa upang tayo’y maging maingat.

Hindi malinis ang mga Kafir, silay ay madumi. Nakasabi din sa Qur’an “Wag niyong isipin na sila’y malinis dahil madumi sila.” Kaya dapat iyong pahalagahan ang kalinisan at wag magdumi. Ito’y dahil utos ng Allah ang kalinisan. Makakakuha ka ng biyaya pag ito’y iyong ginawa.

Nawa'y gawin tayo ng Allah mula sa kanyang malilinis na alipin. Nawa'y maging malinis ang labas at kalooban natin. May ilang madumi sa loob. Nawa'y di tayo bigyan ng ganung dumi ng Allah. Mas masasaktan tayo ng dumi na iyon na sa ating kalooban bago ang iba.

Sabats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
27 July 2016/23 Shawwal 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

1. Faith 2. Full body ablution 3. Impurity 4. Kafir